



Republic of the Philippines
Department of Education

NATIONAL CAPITAL REGION

SCHOOLS DIVISION OFFICE OF MUNTINLUPA CITY

**Tanggapangang Pansangay
na Tagapamanihala**

SEP 20 2023

MEMORANDUM PANSANGAY

**MGA PANUNTUNAN SA PAGPAPATUPAD NG MGA PANDIBISYONG
BUDGET OF WORK SA FILIPINO 11 AT 12 (SENIOR HIGH SCHOOL)**

Sa: Nanunungkulang Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala/
Punong Tagamasid, Sangay ng Pamamahala at mga Gawain ng Paaralan
Punong Tagamasid, Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum
Mga Pamublikong Punong-guro sa Sekondarya (Senior High School)
Lahat ng Kinauukulan

1. Bunga ng mga isinagawang *Pagrerebyu at Pagsasapinal ng mga Budget of Work sa Filipino 11 at 12* noong Agosto 15-17, 2023 sa SDO-Muntinlupa na layuning makabuo ng mga mapagbabatayang hanay ng mga nilalaman ng aralin at kasanayan sa pagtuturo ng Filipino sa Senior High School, ipinababatid ng tanggapang ito ang mga Panuntunan sa Pagpapatupad ng mga Pandibisyong Budget of Work sa Filipino 11 at 12 para sa Panuruang Taon 2023-2024.
2. Kalakip nito ang sumusunod:

Kalakip Blg. 1 – Mga Panuntunan sa Pagpapatupad ng mga Budget of Work sa Filipino
Kalakip Blg. 2 – Ulat sa Pagpapatupad ng mga Budget of Work sa Filipino
Kalakip Blg. 3 – Monitoring Tool sa Pagpapatupad ng mga Budget of Work sa Filipino
Kalakip Blg. 4 – Talaan ng mga Guro sa Filipino sa Pagbuo ng mga Budget of Work
3. Maaaring makuha ang sipi ng mga Budget of Work sa Filipino 11 at 12 gamit ang ibibigay na Google Drive link ng SDO sa pamamagitan ng mga Tagapag-ugnay sa Filipino sa Senior High School.
4. Kinikilala rin ng tanggapang ito ang mga piling guro sa Filipino na nagsilbing tagapagsaayos ng mga kasanayan, nilalaman ng aralin kasama ang mga mungkahing estratehiya at pagtataya tungo sa pagbuo ng mga Pandibisyong Budget of Work sa Filipino para sa Baitang 11 at 12.
5. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap at pagtupad sa Memorandum na ito.


EVANGELINE P. LADINES CESO V
Pansangay na Tagapamanihala

Kalakip: Gaya ng nasasaad

Sanggunian: Gaya ng nasasaad

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng sumusunod na paksa:

CURRICULUM

LEARNING AREA, FILIPINO

JABC / Mga Panuntunan sa Pagpapatupad ng mga Pandibisyong Budget of Work sa Filipino 11 at 12 (Senior High School)

309 Setyembre 18, 2023

UN-2023-309



Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave, Brgy. Tunasan, Muntinlupa City
8805-9935, 8805-9940
sdo.muntinlupa@gmail.com
deped-muntinlupa.com

09/19040

309

MGA PANUNTUNAN SA PAGGAMIT NG PANDIBISYONG BUDGET OF WORK (BoW) SA FILIPINO 11 AT 12 (SENIOR HIGH SCHOOL)

Ang Pandibisyong Budget of Work (BoW) sa Filipino 11 at 12 ay binuo upang matagumpay at mabisang maipatupad ang kurikulum ng Filipino para sa mga paaralang may Senior High School. Ito ay dumaan sa serye ng mga konsultasyon at pagsusuri upang makatugon sa mga kalagayan ng pagtuturo nito ng mga guro at pag-aaral ng mga mag-aaral.

Layunin din nitong magkaroon ng kaisahan sa pagtuturo ng mga aralin at ng mga kinakailangang kasanayan tungo sa pagtatamo ng mga pamantayang pangnilalaman at pagganap ng bawat kurso sa Filipino.

Pangunahing isinaalang-alang sa Pandibisyong Budget of Work sa Filipino 11 at 12 ang sumusunod:

1. bilang ng linggo sa isang kuwarter;
2. pagkakahayanay ng mga paksa/ aralin;
3. mga kasanayang pampagkatuto batay sa Most Essential Learning Competencies (MELCs); at
4. mga mungkahing estratehiya, paraan ng pagtataya at kagamitang panturo o sangguniang maaaring gamitin sa pagsasagawa nito sa klase.

Upang maayos na maipatupad ang kurikulum ng Filipino sa Senior High School ay itinatagubilin ang sumusunod na mga panuntunan sa paggamit ng mga Pandibisyong Budget of Work sa Filipino para sa Baitang 11 at 12:

1. Magsagawa ng oryentasyon sa mga guro sa Filipino sa Senior High School bilang paghahanda sa aktuwal na paggamit ng mga Budget of Work sa pagtuturo. Ito ay pangungunahan ng mga piling guro na naging kalahok sa pinakahuling pagsasaayos ng Budget of Work (BoW).
2. Ang mga paaralan ay pinahihintulutang bumuo ng Pampaaralang Budget of Work sa Filipino 11 at 12 batay sa mga track/ strand na mayroon sa kanilang paaralan ngunit hindi nalalayo sa iminumungkahing budget of work ng dibisyon. Maaaring isakonteksto ang pampaaralang budget of work sa pamamagitan ng:
 - a. paghihimay ng malalaking kasanayan (*unpacking of MELCs*); at
 - b. paggamit ng mga karagdagang estratehiya, pagtataya at kagamitang panturo upang maging angkop sa kalagayan at kakayahan ng mga mag-aaral.
3. Iminumungkahing talakayin ng mga guro ang mga puna sa pagpapatupad ng Pandibisyong Budget of Work sa Filipino 11 at 12 sa panahon ng kanilang mga Learning Action Cell (LAC) sa paggabay ng nakatalagang Master Teacher o Tagapag-ugnay sa Filipino.

4. Itala ang mga tinalakay na puna at rekomendasyon gamit ang kalip na pormularyo (Tingnan ang Kalakip Blg. 2 – *Ulat sa Pagpapatupad ng Pandibisyong Budget of Work sa Filipino 11 at 12*).
5. Ang lahat ng mga gurong nagtuturo ng Filipino sa Senior High School ay inaasahang may sipi (hard copy) ng mga Pandibisyong Budget of Work sa Filipino 11 at 12 batay sa itinuturong *Core o Applied Subject* sa Filipino. Ito ay magsisilbing kalakip ng kanilang Pang-araw-araw na Tala sa Pagtuturo o *Daily Lesson Log* (DLL).
6. Ang pagpapatupad ng mga Pandibisyong Budget of Work sa Filipino 11 at 12 ay susubaybayan ng Pansangay na Tagamasid sa Filipino kasama ang nakatalagang Pandistritong Tagamasid ng mga Pampublikong Paaralan gamit ang instrumento sa pagsubaybay o *monitoring tool* (Tingnan ang Kalakip Blg. 3 – *Monitoring Tool sa Pagpapatupad ng Pandibisyong Budget of Work sa Filipino 11 at 12*).
7. Ang pagsubaybay (monitoring) ng mga Pandibisyong Budget of Work sa Filipino 11 at 12 ay isasagawa sa bawat kuwarter ng Panuruang Taon upang matiyak na naipatatupad ito sa mga paaralan at makakalap ng mga tiyak na impormasyon sa paggamit nito ng mga guro.
8. Inaasahan ang kooperasyon at pakikipagtulungan ng lahat ng mga guro sa Filipino sa Senior High School upang matupad ang pangkalahatang layunin ng kurikulum ng Filipino na makalinang ng isang buo at ganap na Pilipinong may kapaki-pakinabang na literasi.

(Kalakip Blg. **2** sa Memorandum Pansangay Blg. _____, s. 2023)

ULAT SA PAGPAPATUPAD NG MGA PANDIBISYONG BUDGET OF WORK SA FILIPINO 11 AT 12

Panuruang Taon 2023-2024

Kurso sa Filipino	Tiyak na Puna sa BoW	Isinagawang Interbensyon	Mungkahi sa SDO
Core Subjects			
1. Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino			
2. Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto tungo sa Pananaliksik			
Applied Subjects			
1. Filipino sa Piling Larang (Akademik)			
2. Filipino sa Piling Larang (Tech-Voc)			
3. Filipino sa Piling Larang (Sining at Disenyo)			
4. Filipino sa Piling Larang (Isports)			

Inihanda ni:

Sinuri at iwinasto ni:

(Tagapag-ugnay sa Filipino-SHS)
Petsa: _____

(Nakatalagang Master Teacher)
Petsa: _____

Binigyang-pansin:

(Punong-guro)
Petsa: _____

**MONITORING TOOL SA PAGPAPATUPAD NG MGA PANDIBISYONG
BUDGET OF WORK (BoW) SA FILIPINO 11 AT 12**
Panuruang Taon 2023-2024

Paaralan: _____ Petsa: _____

Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang angkop na kolum para sa bawat indikeytor.

Mga Indikeytor	Mga Paraan ng Pagtitiyak (MoVs)	Deskripsiyon		
		Namasid	Bahagyang Namasid	Hindi Namasid
1. May sariling kopya ang guro ng BoW ng <i>subject</i> na itinuturo.	Budget of Work (BoW)			
2. Kalakip ng DLL ng mga guro ang tiyak na BoW sa Filipino.	BoW, DLL			
3. Naitutugma ang bilang ng linggo, mga aralin at kasanayan sa BoW na nasa DLL.	DLL			
4. Naitatala ng mga guro ang puna sa paggamit ng BoW sa kanilang DLL.	DLL			
5. Naiuulat ang pangkalahatang mga puna/ rekomendasyon sa paggamit ng BoW.	Ulat sa Pagpapatupad/ Interbensyon			
Iba pang puna/ mungkahi:				

Nagmonitor:

(Pangalan ng Nagmonitor)

Petsa

**TALAAN NG MGA GURO SA FILIPINO NA KABILANG SA PAGBUO
NG MGA BUDGET OF WORK (BoW) SA FILIPINO 11 AT 12**
Panuruang Taon 2023-2024

Kurso sa Filipino (SHS)	Mga Nakatalaga
Baitang 11 (Core Subjects)	
1. Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino	Jennette J. Lozano, Muntinlupa Science HS-SHS Irene M. Garcia, Muntinlupa Science HS-SHS
2. Pagbasa at Pagsusuri ng Iba’t Ibang Teksto tungo sa Pananaliksik	Jennette J. Lozano, Muntinlupa Science HS-SHS Irene M. Garcia, Muntinlupa Science HS-SHS Joel C. Alvarado, Tunasan National HS-SHS
Baitang 12 (Applied Subjects)	
1. Filipino sa Piling Larang (Akademik)	Lynette V. Mandap, Muntinlupa NHS-SHS Pinky OL. Gomez, Muntinlupa NHS-SHS Charlene Joy P. Deputo, Lakeview SHS
2. Filipino sa Piling Larang (Tech-Voc)	Karen S. Doblin, Cupang SHS Ma. Diana B. Moral, Cupang SHS Marlo Nico Z. Pagkalinawan, Tunasan NHS-SHS
3. Filipino sa Piling Larang (Sining at Disenyo)	Lynette V. Mandap, MNHS-SHS
4. Filipino sa Piling Larang (Isports)	Pinky OL. Gomez, MNHS-SHS